Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute
Regional Training Center - CaLaBaRZon

# SIKLAB

Ika-10 na Isyu | Hulyo - Disyembre 2021

*"Sana mas marami pang kabataan ang ma-engganyong sumali sa 4-H Club dahil maraming pwedeng matutunan sa mga pagsasanay na ibinibigay. Dito, mabubuksan din ang iyong kamalayan na kahit bata ka pa, pwede kang makatulong sa pamilya mo sa pamamagitan ng pagne-negosyo at pagtatanim para sa seguridad ng pagkain."*

**JHONA SAAVEDRA**

4H MEMBER BRGY. POTOL, TAYABAS CITY, QUEZON



# MGA NILALAMAN


02. **Patnugutan at Mga Nilalaman**

03. **Mga Inobasyon sa Digital Agriculture, Binigyang Diin sa Techno Gabay Program (TGP) Summit 2021** Janine L. Cailo, Information Officer II

**RCEF Farm Schools, Mga Bagong Tagapagsanay ng Digital Agriculture Course** Jamila Monette B. Balmeo, Information Officer II

04. **FITS Center Bacoor, Wagi Sa TGP Summit Awards 2021**
Delaiza S. Rabanes, FITS Center Bacoor City, Cavite

05. **Pagtugon ng Pamahalaang Bayan ng Tanay sa Hamon ng Nagbabagong Panahon at Pandemya** Joven Reyes, FITS Center Tanay, Rizal

**Magpapalay sa CALABARZON, Nagsipagtapos sa Isinagawang mga SOA Program**
Maridelle G. Jaurigue, Media Production Specialist II at Janine L. Cailo, Information Officer II

06. **ATI at Flor's Garden, Matagumpay na Inilunsad ang Librong "Weedibles, Weedicinals Plus Edible Flowers and More"**
Jamila Monette B. Balmeo, Information Officer II

07. **Pagsasanay sa Social Media Optimization para sa FITS Centers, Pinangunahan ng ATI CALABARZON** Janine L. Cailo, Information Officer II

08. **Mga Kabataang 4-Her ng Barangay Potol, Masigasig na Isinusulong ang Agrikultura sa Komunidad**
Maridelle G. Jaurigue, Media Production Specialist II

10. **Si Leo Casaclang: Huwaran ng Bagong Sibol na Kabataang Magsasaka** Jamila Monette B. Balmeo, Information Officer II

12. **Training on Organic Plant Supplement Production, Isinagawa ng FITS Center Maragondon**
Edward Andrew A. Dionido, FITS Center Maragondon, Cavite

**3 Kabataang Magsasaka sa CALABARZON, Kabilang sa Ipinadala sa Taiwan para sa FYFIP**
Roy Roger D. Victoria II, Media Production Specialist II

13. **ATI CALABARZON, Nagsagawa ng mga Aktibidad bilang Pagsuporta sa NRAM at OA Month** Soledad E. Leal, Agriculturist II

14. **Young Agripreneurship Program** Vira Elyssa L. Jamolin, Training Specialist III, Sherylou C. Alfaro, Senior Agriculturist at Abegail L. Del Rosario, Planning Officer II

16. **Accomplishments 2021**


## PATNUGUTAN


**Tagapayo:**
MARITES PIAMONTE-COSICO

**Punong Patnugot:**
ROLANDO V. MANINGAS, PHD

**Tagapamahalang Patnugot:**
JAMILA MONETTE B. BALMEO

**Mga Manunulat:**
MARIDELLE G. JAURIGUE
JANINE L. CAILO
JAMILA MONETTE B. BALMEO
SHERYLOU C. ALFARO
ABEGAIL L. DEL ROSARIO
VIRA ELYSSA L. JAMOLIN
SOLEDAD E. LEAL
ROY ROGER D. VICTORIA II
DELAIZA S. RABANES
JOVEN REYES
EDWARD ANDREW A. DIONIDO

**Disenyo/Layout:**
JOHN WILSON Q. SERDON

Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute
Regional Training Center - CaLaBaRZon
SIKLAB

This publication is a semestral summary of news and updates in the Agricultural and Fishery Extension published by the Agricultural Training Institute - CaLaBaRZon, an attached agency of the Department of Agriculture

Write to us in this email: atirtc4a@gmail.com for comments, feedback and suggestions


www.ati.da.gov.ph/ati-4a/ @aticalabarzon ATICalabarzon ATICalabarzon

# Mga Inobasyon sa Digital Agriculture, Binigyang Diin sa Techno Gabay Program (TGP) Summit 2021

*Janine L. Cailo, Information Officer II*

TRECE MARTIRES CITY, Cavite - Pinangunahan ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang taunang gawain na Techno Gabay Program (TGP) Summit 2021 na may temang, "Strengthening the Agricultural Extension through Digital Innovation" noong ika-1 hanggang ika-3 ng Disyembre, 2021. Layunin ng programa na maibahagi sa Farmers' Information and Technology Services (FITS) Centers, Kiosks, Magsasaka Siyentista (MS) at iba pang tagapagpatupad ng programang Techno Gabay ang mga inobasyon sa pang-ekstensyon na gawain gamit ang iba't ibang *digital platform* upang maihatid ang mga angkop at makabagong teknolohiya sa agrikultura higit sa panahon ng pandemya.

*"Batid natin na magpapatuloy pa din ang banta ng COVID 19 and we need to live with it. Katulad ng TGP theme ngayon, we will continue to Strengthen Agricultural Extension through Digital Innovation. Sa nagdaang mga taon, tiwala kami na aming naihanda ang mga FITS Centers sa pagharap sa mga hamon na dulot ng pandemya. Pinagtibay natin ang paggamit ng Information and Communication Technology support tools tulad ng optimization ng social media at iba pa,"* ani ATI CALABARZON Center Director Marites Piamonte-Cosico sa kanyang bating pagtanggap.




Sa pagbubukas ng programa, nagkaroon ng pagbabahagi ang mga *team leaders* mula sa *State Universities and Colleges* ng mga tagumpay at mga pinakamahusay na kasanayan ng mga FITS Centers mula sa limang (5) probinsya sa rehiyon. Kaugnay rin dito, ipinahayag ni Bb. Janine Cailo, TGP Focal Person, ang mga naging gawain ng ahensya sa loob ng buong taon sa ilalim ng programa. Sa ikalawang araw naman, nagkaroon ng talakayan patungkol sa makabagong paghahatid ng mga pang-ekstensyon na gawain at napapanahon na pagbabahagi ng kwento ng tagumpay sa pagsasaka sa pamamagitan ng *digital platform*. Naging bahagi ng talakayan sina ATI CALABARZON Assistant Center Director Dr. Rolando V. Maningas, Chief Science Research Specialist Marita A. Carlos mula sa Applied Communication Division ng Philippine Council for Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development (PCAARRD) at Editor-in-Chief Yvette Tan mula sa Agriculture Magazine.

Sa ikatlong araw ng gawain, binigyan ng pagkilala ang mga FITS Centers sa kanilang mga naging gawain mula sa taong 2021 at mga patimpalak sa iba't ibang kategorya na *Best in Information and Technology Services, Vlogging Contest, Photo Essay* at *Best Accomplishment Poster*. Iginawad din ang parangal sa sampung (10) FITS Centers na may aktibong *social media pages*.

Narito ang mga nagwagi na mga FITS Centers sa iba't ibang kategorya:

**I. Best in Information and Technology Services Award**
- **1st** - FITS Center Bacoor City, Cavite
- **2nd** - FITS Center Imus City, Cavite
- **3rd** - FITS Center OPA Quezon

**II. Vlogging Contest on Magsasaka Siyentista Best Practice**
- **1st** - FITS Center OPA Laguna
- **2nd** - FITS Center Guinayangan, Quezon
- **3rd** - FITS Center OPA Cavite

**III. Best FITS Highlights of Accomplishment Poster**
- **1st** - FITS Center Imus City, Cavite
- **2nd** - FITS Center Candelaria, Quezon
- **3rd** - FITS Center OPA Quezon

**IV. Photo Essay Contest – Magsasaka Siyentista in Action**
- **1st** - FITS Center OCVAS Batangas
- **2nd** - FITS Center Bacoor City, Cavite
- **3rd** - FITS Center Lucena City, Quezon

**V. Top Performing FITS Social Media Page**

| | |
|---|---|
| Bacoor City, Cavite | Tanauan City, Batangas |
| OPA Laguna | OPA Quezon |
| Candelaria, Quezon | General Nakar, Quezon |
| San Luis, Batangas | OPA Batangas |
| Taytay, Rizal | MoCa Family Farm RLearning Center |


Isa rin sa inobasyon ng gawain ang pagkakaroon ng *virtual exhibit* sa mga *accomplishment poster* ng FITS Centers. Ito ay inilunsad sa opisyal na *website* ng ahensya, kaalinsabay ang pagbubukas ng *Viber community* at bagong *Facebook group* ng ATI CALABARZON.

# RCEF Farm Schools, Mga Bagong Tagapagsanay ng Digital Agriculture Course

*Jamila Monette B. Balmeo, Information Officer II*

Pinangunahan ng Information Services Section ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang pagsasagawa ng dalawang (2) *batch* ng Training of Trainers on Digital Agriculture Course (DAC) for Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) noong ika-10 hanggang ika-12 (unang *batch*) at ika-17 hanggang ika-19 ng Nobyembre, 2021 (ikalawang *batch*) sa pamamagitan ng *Zoom application*. May kabuuang apatnapu't dalawang (42) kinatawan mula sa iba't ibang RCEF *farm schools* sa lalawigan ng Quezon at Laguna ang lumahok sa tatlong (3) araw na pagsasanay. Ang mga nasabing sakahan mula sa lalawigan ng Quezon ay ang Cortijo de Palsabangon Farm, Uma Verde Econature Farm, Skilled Farming School, El Royale Farming School, St. Isidore Farming School, Beegood Agriventures at Flor and Daisy's Agricultural Farm. Samantala, Javier Eco Farm, Roqueza's Integrated Farm, Nylove Integrated Farm, Laly's Farm Ville, Agrie's Integrated Farm, FarmShare Prime at Sweet Nature Farms naman sa lalawigan ng Laguna.

Dumalo sa pagbubukas ng programa si ATI CALABARZON Center Director Marites Piamonte-Cosico. Aniya, *"Bilang farm schools, isa sa mga gampanin ninyo ang makapaghatid ng angkop na impormasyon at pagsasanay. Isa na nga rito ay ang kaalaman sa mga makabagong teknolohiya para sa modernisadong*



*pamamaraan ng pagsasaka. Patuloy ninyong ibahagi ang inyong kaalaman at kakayahan para sa progresibong Agrikultura sa bansa."*

Sina G. Hans Flores, Bb. Jamila Balmeo at Bb. Maridelle Jaurigue ang nagsilbing mga tagapagtalakay sa pagsasanay. Ibinahagi sa mga kalahok ang nilalaman ng DAC for RCEF 101 at 102 *modules* kabilang ang *rice-related agriculture applications*: Binhing Palay, MOET App, Rice Crop Manager, e-Damuhan at AgriDOC App. Natutunan din ng mga kalahok ang iba't ibang *social media* at *e-commerce platforms* na maaaring gamitin sa pagpapakilala at pagbebenta ng mga produkto tulad ng eKadiwa ni Ani at Kita, Shopee at Lazada. Ipinaliwanag din ang bahagi at gamit ng PayMaya at GCash. Gumawa ang mga kalahok ng *Social Media Marketing Plan* at *online posters* gamit ang *Canva application*.

Saad ni Bb. Airene May Carpio, isa sa mga kalahok, sa kanyang impresyon, *"Maganda yung topic. Talagang makakatulong sa farmers especially sa paggamit ng mobile agri application. Nakakatuwa kasi pwede talaga nating ibahagi sa mga farmers na malapit sa atin o yung mga kakilala natin na nagtatanim."*

Layunin ng DAC for RCEF na maihanda at maturuan ang mga tagapagsanay sa pagsasagawa ng *digital literacy training* sa kanilang lokalidad.

# FITS Center Bacoor, Wagi Sa TGP Summit Awards 2021

*Delaiza S. Rabanes, FITS Center Bacoor City, Cavite*



Nasungkit ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center Bacoor City ang *major award* na "Best Information and Technology Services" at naiuwi ang ₱20,000.00 *cash* prize sa ginanap na Techno Gabay Program (TGP) Summit Awards ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON noong ika-1 hanggang ika-3 ng Disyembre, 2021.

Sa pamamagitan ng isang maikling *video*, ito ay nakatuon sa maigting na pamamahagi ng impormasyon at teknolohiya sa kabila ng kinakaharap na pandemya. Unang ibinida ng FITS Center Bacoor City ang pagtutok sa paggamit ng *social media* sa pamamagitan ng regular na pagpo-*post* sa *Facebook page* na may kalakip na hashtags: #AgriKaalaMonday para sa agri-trivia tuwing Lunes, #TodayIsNewsDay para sa mga napapanahong balita tuwing Martes, #4Pics1Wordnesday para sa palaro tuwing Miyerkules, #YourQuestionMatThurs para sa pagsagot ng *frequently asked questions* (FAQs) tuwing Huwebes at #ItsPrideDay para naman sa pagbibigay-pugay at pasasalamat sa mga magsasaka tuwing Biyernes. Sa *social media* rin ipinapakita ang iba't ibang anunsyo patungkol sa mga serbisyong ipinagkakaloob. Bukod pa roon, nakapaglunsad din ang FITS Center Bacoor City ng opisyal na pahayagan noong 2021, ang "AgriLiNKod" o "agriculture + linkage + service", sa mas malalim sa kahulugan. Ibinahagi rin sa *video* ang kabuuang bilang ng mga serbisyong naipamahagi gaya ng Information, Education and Communication (IEC) materials, mga binhi at pataba, *agri tools*, mga sisiw, mga semilya ng isda, *urban starter kits, aquaponic set-up units*, bangka, *aquaponic set-up* at marami pang iba.



Nakapagbigay tulong din ang FITS Center Bacoor City sa pagpapabakuna ng may limandaang (500) *fisherfolks* sa lungsod. Kasama rin sa naibida ang patuloy na pagbibigay tulong sa mga Bacooreño sa pagrerehistro sa RSBSA, Boat-R at Fish-R, pati na ang 5-year *webinar series* patungkol sa *urban gardening*, ka-*tandem* ang Cavite State University (CvSU) – Bacoor Campus. Mapapanood din sa *video* ang apat (4) na proyekto na kasalukuyang tinututukan ng FITS Center Bacoor City: *Greenhouse with Hydroponics* sa Brgy. Molino VI, *Mushroom Growing House* sa Brgy. Molino III, *Communal Garden* sa Brgy. San Nicolas III at *Long-line Mussel Culture Technology* sa *coastal barangays* ng lungsod.

Sa Best Photo Essay Category naman ay nakamit din ng FITS Center Bacoor City ang 2nd place kalakip ang ₱3,000.00 na *cash prize*. Itinampok sa *essay*, na may temang "Magsasaka Siyentista (MS) in Action," si G. Rady Soriano at ang mga aktibidad na naisagawa nito mula nang maging isang ganap na MS ng lungsod.

Bukod sa dalawang (2) naunang nabanggit na mga parangal, muli ring hinirang sa ikatlong pagkakataon ang FITS Center Bacoor City sa sampung (10) Top Performing Social Media Pages. Sa kabuuan, ang FITS Center Bacoor City ay nagkamit ng tatlong parangal sa limang (5) patimpalak na nilahukan ng iba't ibang FITS Centers sa buong CALABARZON at nakapag-uwi ng ₱23,000.00 *cash prize* at ₱3,000.00 *worth of ICT tools*.

## Pagtugon ng Pamahalaang Bayan ng Tanay sa Hamon ng Nagbabagong Panahon at Pandemya

*Joven Reyes, FITS Center Tanay, Rizal*



Kaugnay ng tuloy-tuloy na suporta sa Pamahalaang Bayan ng Tanay sa mga kababayang labis na naapektuhan dulot ng pandemya, ang Tanggapan ng Pambayang Agrikultor sa pamamagitan ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center Tanay ay patuloy na nagsasagawa ng "Climate Change and Mitigation Program" sa pamamagitan ng "Edible Gardening Project" para sa mga 4P's *beneficiaries* ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) at Food For Share Program thru Community Gardening. Bilang bahagi ng programa at proyekto, namahagi ang Pamahalaang Bayan ng iba't ibang interbensyon katulad ng *starter kits* na kinapapalooban ng buto ng gulay, *garden tools, drum,* at *hose*.

Ang mga benepisyaryo ng programang "Climate Change and Mitigation Program – Edible Gardening Project" ay umabot sa mahigit 300 pamilya (4P's) mula sa sampung (10) barangay sa bayan ng Tanay. Ang mga benepisyaryo ay sumailalim sa tatlong (3) araw na pagsasanay at aktuwal na pagsasagawa ng organikong paraan ng pagtatanim ng mga gulay sa likod bahay noong ika-8 hanggang ika-10 ng Disyembre, 2021.

Samantala, sa programang "Food For Share – Community Gardening", tatlong (3) barangay sa bayan ng Tanay ang nanguna sa programa: Brgy. Cuyambay, Brgy. Mamuyao at Brgy. Pinagkamaligan. Tatlumpong (30) pamilya bawat barangay ang naging benepisyaryo na napagkalooban ng *starter kit, food packs* at *cash assistance*.

Naging malaking bahagi din ng programa ang Kabisig ng Kalahi Foundation na namigay ng mga bigas at *cash assistance* na pinangasiwaan ng DSWD Region IV-A. Patuloy na isasagawa ang mga programa at ituturo sa iba pang mga kabarangay/kababayan.

Malaki ang epekto ng pandemya sa maraming mamamayan ng bayan ng Tanay. Ang magiging bunga ng kanilang mga tanim ay kanilang magagamit sa pang araw-araw na pagkain. Kaya lubos ang pasasalamat ng mga benepisyaryo sa malaking tulong ng programa dahil ang kanilang mga natanggap ay kanilang kailangan para sa isang malusog na pagtugon sa pandemya at pagbabagong panahon.

Layunin ng programa na matulungan ang mga benepisyaryo at magkaroon ng sabay-sabay na pagtatanim ng iba't ibang uri ng gulay sa bakuran at komunidad. Sa pamamagitan nito ay mapapanatiling malusog ang pamilya at karagdagang kita dahil sa tumataas na presyo ng bilihin partikular ang gulay.

# Magpapalay sa CALABARZON, Nagsipagtapos sa Isinagawang mga SOA Program

*Maridelle G. Jaurigue, Media Production Specialist II*
*Janine L. Cailo, Information Officer II*

Matagumpay na isinagawa ang tatlong (3) araw na *virtual graduation ceremony* ng Paaralan sa Himpapawid na "ATIng Ani at Kita: Talakayang RCEF Program sa Calabarzon" noong ika-28 hanggang ika-30 ng Setyembre, 2021 sa opisyal na *Facebook page* ng ATI CALABARZON at Youtube channel nito na AgriStudio.





Kaagapay ang iba't ibang ahensyang nagpapatupad ng programang Rice Competitiveness Enhancement Fund o RCEF, *radio teachers*, Tanggapan ng Panlalawigang Agrikultor mula sa Cavite, Laguna, at Quezon, at ang dalawampu't isang (21) bayan at lungsod mula sa prayoridad na lalawigan ay ganap na nagsipagtapos ang mahigit 900 na mag-aaral sa dalawampung (20) linggo na paaralan sa himpapawid.

Binubuo ng 141 na mga kalahok sa Cavite, 189 na magpapalay mula sa Laguna, at 607 mula sa Quezon na mga magsasaka, ilang mga guro, grupo ng mga kababaihan, at aktibong mga kabataan ang lumahok sa paaralan sa himpapawid na pinangunahan ng ahensya.

Sa dalawampung (20) *episodes* na umere mula ika-16 ng Abril, 2021 hanggang ika-27 ng Agosto, 2021, napakinggan ito sa dalawang (2) *radio partners* na Radyo Natin 106.3 FM Laguna at 95.1 Kiss FM at *live* na napanood sa opisyal na *Facebook page* at YouTube channel ng ATI CALABARZON. Layunin ng programa na magpaabot sa ating mga magsasaka ng mga angkop at makabagong pamamaraan sa pagpapalayan at mga benepisyo na nakapaloob sa RCEF *program* tuwing Biyernes sa ganap na ika-9 hanggang ika-10 ng umaga.

Inihatid ng mga guro sa radyo mula sa iba't ibang ahensya ang mga paksa tulad ng *PalayCheck System, inbred rice production, postharvest technologies, financial literacy* at iba pa.

Sa seremonya ng pagtatapos ng programa, nagsilbing pangunahing tagapagsalita ang Senate Committee on Agriculture and Food na si kagalang-galang Senator Cynthia A. Villar sa nasabing gawain. Nagpaabot din ng pagsuporta si ATI Director Dr. Rosana P. Mula, Department of Agriculture Regional Field Office (DA RFO) IV-A OIC Regional Executive Director Vilma Dimaculangan, Provincial Agriculturist ng Cavite na si Bb. Lolita Pereña, Provincial Agriculturist ng Laguna G. Marlon Tobias at Provincial Agriculturist ng Quezon G. Roberto Gajo sa mga nagsipagtapos.

Samantala, nang sumunod na buwan ay nagsipagtapos din ang higit sa 2,500 na magsasaka, at estudyanteng kumukuha ng kursong may kinalaman sa Agrikultura mula sa apatnapu't tatlong (43) lokal na pamahalaan mula buong rehiyon para sa programang "Palay-Aralan: Makabagong Pagsasaka sa Himpapawid" na tungkol sa Smart Rice Agriculture. Ang mga nagsipagtapos na magsasaka at estudyante sa programa ay nanood sa kani-kanilang tahanan sa pamamagitan ng YouTube at *Facebook livestreaming* sa *page* ng ATI CALABARZON, DA RFO at Philippine Information Agency (PIA) CALABARZON. Samantala, ang ibang lokal na pamahalaan ay nagsagawa ng *onsite graduation ceremony* para sa mga magsasaka, alisunod sa *protocol* ng kanilang bayan.


Tampok sa programa ang mga nakatapos na kalahok na nagbahagi ng kanilang testimonya ng pasasalamat, mga natutunan mula sa paksang tinalakay at ang pangakong gagamitin at ibabahagi ang kanilang kaalaman sa ibang magsasaka. Pinarangalan din ang mga kalahok na nagkamit ng pinakamatataas na marka sa mga pagsusulit at eksaminasyon sa durasyon ng programa. Nakatanggap sila ng medalya at sertipiko mula sa ATI at gamit pang-agrikultural mula sa kanilang punong-bayan.

Samantala, buo ang suporta ng kagawaran sa programa sa mensaheng hatid ni ATI Director Rosana P. Mula, at Secretary William D. Dar. Sa huli ay nag iwan si ATI CALABARZON Center Director Marites Piamonte-Cosico ng isang hamon sa mga nagsipagtapos na patuloy na magsumikap at pagbutihin ang pagsasaka at pag-aaral ng kanilang kurso. Dagdag ni Center Director Cosico, patuloy na magbibigay ng suporta at programang SOA ang ahensya upang maitaas ang kalidad ng pagpapalayan sa bansa.

# ATI at Flor's Garden, Matagumpay na Inilunsad ang Librong "Weedibles, Weedicinals Plus Edible Flowers and More"

*Jamila Monette B. Balmeo, Information Officer II*

DILIMAN, Quezon City - Inilunsad ang librong "Weedibles, Weedicinals Plus Edible Flowers and More" ng Flor's Garden & Nature Haven, Inc. sa Agricultural Training Institute (ATI) Central Office, Diliman, Quezon City noong ika-21 ng Hulyo, 2021. Ang proyekto ay naging matagumpay, sa pagtutulungan ng ATI CALABARZON at Flor's Garden & Nature Haven, Inc., isang National-Private Extension Service Provider (ESP) ng ATI.




Dumalo sa paglulunsad sina Secretary William D. Dar ng Kagawaran ng Pagsasaka; ATI Director Alfredo S. Aton; ATI Deputy Director Dr. Rosana P. Mula; ATI CALABARZON Center Director Marites Piamonte-Cosico; at Gng. Flor G. Tarriela, ang may akda ng libro. *"Masaya kami na ibahagi sa inyo ng buong pagmamalaki ang isa na namang produkto ng patunay na di matatawarang ugnayan sa pagitan ng ATI CALABARZON at ng Flor's Garden & Nature Haven, Inc., ang librong Weedibles, Weedicinals Plus Edible Flowers and*

*More. Congratulations at pasasalamat sa Flor's Garden sa patuloy na paghahatid ng serbisyong pang-ekstensyon, na sa kabila ng pandemya ay hindi alintana ang paglilingkod,"* pahayag ni Center Director Cosico bilang pagsuporta at pagbati sa paglulunsad ng libro ng Flor's Garden.

Ang Weedibles, Weedicinals Plus Edible Flowers and More ay librong naglalaman ng iba't ibang kaalaman, gamit at pag-aalaga ng "weeds" at halaman na karaniwang tumutubo at matatagpuan sa Pilipinas. Ang libro rin ay nagsisilbing gabay sa mga kaukulang benepisyo ng "weeds" at iba pang mga halaman sa kalusugan ng tao. Ilan na rito ay ang talinum, takipkuhol, damong maria, sampal-sampalukan at pansit-pansitan.

Ang Flor's Garden & Nature Haven, Inc. ay aktibong katuwang ng ATI sa paghahatid ng pagsasanay at serbisyong pang-ekstensyon. Taong 2017 nang maging certified Learning Site for Agriculture ng ATI CALABARZON ang Flor's Garden. Kalaunan ay naging Regional ESP at ngayon nga ay National-Private ESP ng ATI.


Para sa e-copy ng libro, maaari itong i-*download* sa *official website* ng ATI CALABARZON, https://ati.da.gov.ph/ati-4a/node/790.



## Pagsasanay sa Social Media Optimization para sa FITS Centers, Pinangunahan ng ATI CALABARZON

*Janine L. Cailo, Information Officer II*

TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Dalawampu't walong (28) Agricultural Extension Workers (AEW) na mula sa Farmers' Information and Technology Services (FITS) Centers sa CALABARZON ang aktibong lumahok sa apat (4) na araw na pagsasanay na "Training on Social Media Optimization for Agricultural Extension" noong ika-11 hanggang ika-14 ng Oktubre, 2021 sa pamamagitan ng *Zoom application.*




Inihatid ng tagapagsalita na si G. Niño James G. Haos, Social Media Trainer, ang iba't ibang paksa patungkol sa *social media* tulad ng *branding, social media audience and content, scheduling and planning,* at *social media marketing*. Bahagi rin ng pagsasanay ang mga aktuwal na gawain patungkol sa mga paksa upang madagdagan ang mga kasanayan ng mga kalahok sa pamamahala ng isang *Facebook page* ng kanilang FITS Centers.

Nagpakita naman ng suporta si Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON Center Director Marites Piamonte-Cosico sa pagbubukas ng programa. Sa kanyang mensahe, ipinunto niya ang kahalagahan ng *social media*, higit sa panahon ng pandemya, upang maihatid ang mga serbisyo ng FITS Centers sa mga kliyente. *"Ang Agricultural Training Institute bilang 'Home for e-Extension' ay nais palakasin ang paggamit ng social media sa pamamagitan ng ating mga FITS Centers upang mas mapaabot natin ang tama at science-based na impormasyon at teknolohiya sa ating mga kliyente na mga magsasaka, kabataan, at mga agri-enthusiast,"* ani Center Director Cosico.

Sa pagtatapos ng pagsasanay, inaasahan ang mga kalahok mula sa FITS Centers na mas mapabuti at maipahayag ang mga serbisyo ng mga FITS Center sa *social media.*

Nagbigay din ng mensahe ng pagsuporta si Assistant Center Director Dr. Rolando V. Maningas sa mga tagapagpatupad ng Techno Gabay Program (TGP) sa kanilang pagsisikap upang tumaas ang kalidad ng serbisyo ng FITS Centers sa CALABARZON.

Layunin ng pagsasanay na maitaas ang kaalaman ng mga kalahok at mapaghusay ang paggamit ng *social media platforms* tulad ng Facebook, upang maipahatid ang mga angkop at nakabatay sa agham na teknolohiya at impormasyon sa pagsasaka sa mga kliyente tulad ng mga magsasaka at kabataan.



# MGA KABATAANG 4-HER NG BARANGAY POTOL, MASIGASIG NA ISINUSULONG ANG AGRIKULTURA SA KOMUNIDAD

*Maridelle G. Jaurigue, Media Production Specialist II*

Sa isang payak na pamayanan ng Barangay Potol, Tayabas City, Quezon, may grupo ng kabataan na masidhi ang pagmamahal sa agrikultura. Sila ay mga miyembro ng 4-H Club of the Philippines [Brgy. Potol], isang samahan na sinusuportahan ng Agricultural Training Institute (ATI) sa CALABARZON.

Isa si Angelene Armia sa *founding members* ng samahan, na naitatag noong 2016. Naniniwala sya na malaki ang papel ng kabataan sa pagpapalakas ng sektor ng agrikultura. *"Tayong mga kabataan, mas gusto nating maging professionals: engineer, nurse, o teacher. Ngunit paano na lamang kung wala nang marunong [sa propesyon ng] Agrikultura? Wala nang bubuhay sa ating mga Pilipino. Kaya dapat marunong din tayong magtanim o mag-alaga ng mga halaman sa ating bakuran,"* saad ni Angelene.

## Pangangasiwa ng Gulayan sa Barangay

Kabilang sa mga proyekto nina Angelene ay ang "Gulayan sa Barangay". Dito ay pinagtutulungan ng bawat miyembro na palaguin ang higit-kumulang 300 metro-kuwadradong taniman ng gulay. May tanim silang kamatis, talong, pechay, mustasa, labanos at okra.



Dahil ang iba sa mga miyembro ay nag-aaral, pinaghahatian nila ang mga gawain sa gulayan tulad ng paglilinis, pagpupunla at pagdidilig.

*"Sa pagbebenta ng mga inani naming gulay, masasabi kong isa siyang masayang experience. Natuto kami kung paano paikutin ang pera namin [as an organization]. Natuto rin kaming mag-budget: kung saan namin ilalaan ang aming mga kinita,"* kuwento ng dating Presidente ng samahan na si Rose Anne Mangaoang. Dagdag ni Rose Anne, doon sa pagbebenta, nakikita rin nila kung paano nagi-*improve* at lumalaki ang kanilang pondo na ginagamit para sa kanilang samahan.



## Pagpapalakas ng Kakayanan ng mga Kabataang Magsasaka

Isa sa mga tumutulong sa samahan na mapaunlad ang kanilang gulayan ay ang Tanggapan ng Pambayang Agrikultor ng Tayabas City. Ang lokal na pamahalaan ng Tayabas City ay nagsasagawa ng mga pagsasanay upang magkaroon ang mga kabataan ng dagdag na kaalaman tungkol sa *Urban Agriculture*. Ang ilan sa miyembro ay sumailalim din sa mga pagsasanay na isinagawa ng ATI CALABARZON, kabilang na ang Binhi ng Pag-asa Program, at *Seminar on Urban Agriculture* noong Oktubre 2020.

Ayon kay Krisha Mae Aranilla na kasalukuyang nasa Junior highschool, *"Natutunan ko sa seminar [Urban Agriculture] na ito ang pag-maximize ng maliit na espasyo upang may mapagtaniman. Dahil ang pamilya ko ay mahilig kumain ng gulay, nagamit ko agad ang natutunan ko at nagkaroon kami ng maliit na taniman sa tabi ng aming bahay. May tanim kami doong talong at kamatis."* Natutunan naman ni Angelene sa *seminar* ang paggamit ng mga *recycled* na bote para mapagtaniman ng ibang gulay. *"Tinuro din sa amin na para hindi gaanong ma-peste ang halaman, pwede rin gawing salit-salit ang itatanim. Halimbawa, pagkatapos ng okra, kamatis naman tapos balik sa okra, para maiwasan ang pagkakaroon ng peste,"* dagdag niya. Sa pamamagitan din ng pagsasanay ng ATI CALABARZON, napagkalooban ang 4-H Club Barangay Potol ng *garden tools*: asarol, pandilig, *seedling tray* at mga binhing pananim.

Bukod sa *Urban Agriculture*, sinasanay din ang mga kabataan sa pamamaraang organiko.*"Since ang Tayabas City ay isang organic zone locality, pino-promote natin ang pag-practice ng organic farming, lalo na sa ating mga kabataan,"* kuwento ng 4-H City Coordinator na si Evangeline Roxas. Ayon pa kay Bb. Roxas, aktibo rin ang samahan sa paglahok sa iba pang pagsasanay na isinasagawa ng kanilang opisina tulad ng *livelihood trainings, Entrepreneurship* at *Leadership Seminar, Climate-Change Orientation, Cash for Work* katuwang ang Department of Social Welfare and Development (DSWD) at *digital literacy*.

## Panghihikayat sa Kapwa Kabataan Tungo sa Agrikultura

Hindi lamang pagkatuto mula sa mga pagsasanay tungkol sa agrikultura ang nakukuha ng mga kabataan mula sa pagsapi sa 4-H Club. Ayon kay Bb. Roxas, *holistic* ang paghuhubog na ginagawa ng samahan para sa mga kabataang miyembro nito. Paliwanag ni Bb. Roxas, kaya ito tinatawag na 4-H, ang unang H ay kumakatawan sa *Head*, simbolo ng pagbuo ng tamang *mindset* ng mga kabataan. Ang ikalawang H ay *Heart*, simbolo ng tamang paglilingkod sa bayan. Ang ikatlong H naman ay kumakatawan sa *Hand*, simbolo ng serbisyo nila bilang kabataan at mga inaasahang lider ng pamayanan. At ang huling H ay nangangahulugan na *Health*, kinakailangang ang kabataan ay buo ang sarili at malusog ang pag-iisip at pangangatawan.

Sa tulong ng samahan, dumarami na ang mga lider-kabataan sa bawat komunidad sa bansa. *"Dito ko po na-develop ang kakayanan ko na makipag-communicate sa iba, lumabas, matuto pa at maging isang leader,"* masayang pagbabahagi ni Rose Anne na ngayo'y isang ganap na guro na sa mababang paaralan sa kanilang lugar. Kuwento naman ni Jhona Saavedra na isang (1) taon nang miyembro, na-*inspire* siyang kunin ang kursong Agrikultura pagtapak niya ng kolehiyo. Sa tulong din ng samahan, mas nakilala niya ang kanyang sarili at nagkaroon ng bagong pamilya, sa katauhan ng ibang ka-miyembro niya sa 4-H Club.

*"Sana mas marami pang kabataan ang maengganyong sumali sa 4-H Club dahil maraming pwedeng matutunan sa mga pagsasanay na ibinibigay. Dito, mabubuksan din ang iyong kamalayan na kahit bata ka pa, pwede kang makatulong sa pamilya mo sa pamamagitan ng pagnenegosyo at pagtatanim para sa seguridad ng pagkain."*

Sa mga interesadong sumali sa 4-H Club, makipag-ugnayan sa Municipal o City Agriculture Office sa inyong lugar, o bisitahin ang aming website, ati.da.gov.ph/ati-4a/.



# Si Leo Casaclang: Huwaran ng Bagong Sibol na Kabataang Magsasaka

*Jamila Monette B. Balmeo, Information Officer II*




*"Ang farming ay isang business profession kung saan ikaw ay gumagawa ng sarili mong produkto at binebenta sa merkado."* Ito ang mga katagang patuloy na isinasagawa ni Leo Manuel Casaclang, isang *millennial farmer* at may-ari ng Localroots Agricultural Farming and Services (Localroots), Learning Site for Agriculture (LSA) ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON na matatagpuan sa Sariaya, Quezon. Sa edad na dalawampu't dalawa (22), tinahak na ni Leo ang pagsasaka. Pagkatapos sa kolehiyo ay agad sumabak sa pagsasaka si Leo. *"Walang nag-influence sa akin para pumasok sa pagsasaka. Ang aking adbokasiya ay una, makapagbigay ng masustansyang pagkain. Pangalawa, ma-inspire o ma-engganyo pa ang ibang kabataan katulad ko na pumasok sa pagfa-farming,"* saad ni Leo. *Hands-on* siya sa mga gawain sa sakahan mula sa pagtatanim hanggang sa pagbebenta ng produkto.

Sa murang edad ay pinangasiwaan na ni Leo ang *Localroots* na may kabuuang lawak na dalawampung (20) ektarya. Ito ay





isang *integrated farm* kung saan gumagamit ng iba't ibang *farm technologies* katulad ng *solar water pumps, drip irrigation* at iba pang *farm machineries*. Matatagpuan sa Localroots ang puno ng mangga, guyabano, saging, mulberry at mga gulay tulad ng pipino, ampalaya, sitaw at letsugas, ang pangunahing produkto ng sakahan. Binabagsak ang mga produkto sa sentrong pamilihan ng Sariaya. May mga suki na rin sila sa Maynila na tumatangkilik sa mga produkto ng Localroots. Sumasali rin si Leo sa *Friday market* para mas makilala at kumita. Malaking tulong para kay Leo ang natapos niyang kurso sa kolehiyo na BS Entrepreneurship kung saan nagagamit niya ang kanyang mga natutunan lalong lalo na sa *market strategy*. *"Bilang isang business, ang market ang mag didikta kung ano ang kailangan mong produkto sa kanila. Yung market ay malaking parte ng isang business,"* pagbabahagi ni Leo. Ayon pa kay Leo, kumikita ang sakahan ng average na Php 9,000.00 kada linggo sa bawat pananim, depende sa presyo sa merkado. Dagdag pa niya, *"kapag may proper planning o planting schedule sa pagtatanim, maaari kayong kumita araw araw."*

## Mga Hamon at Muling Pagbangon

Naging hamon din kay Leo ang *market* nang nagsisimula pa lamang siya sa pagsasaka. Isa pa sa naging suliranin ni Leo ay kung paano mai-impluwensyahan o paano maituturo ang mga natutunan sa pagsasaka sa ibang magsasaka na hindi



tanggap ang makabagong pamamaraan at teknolohiya sa agrikultura. Ngunit, hindi naging hadlang ito kay Leo. Bagkus, nagsumikap siya na mapalawak ang *market*, mapaigting ang *market strategy* at tumuklas ng mga bagong kaalaman at gawi sa pagsasaka na maibabahagi sa mga magsasaka.

Sa paglipas ng panahon, binigyang-tuon ni Leo ang organikong pagsasaka. Taong 2017, sumali siya sa Sariaya Organic Producers Association o SOPA para mas mapalawak pa ang kanyang kaalaman at kasanayan. Batid ni Leo, *"nakakatulong ang samahan dahil nakakapagbahagi kami (miyembro) ng iba't ibang mga ideya o mga teknik kung paano pa mapapaganda ang pago-organikong pagsasaka."*

Maraming benepisyong dulot ang pagsasaka hindi lamang kay Leo, maging sa pamilya at komunidad nito. Siguradong sapat at ligtas ang kanilang mga kinakain. Nakakapabigay rin ng trabaho ang Localroots sa kanilang lokalidad.

## Farmer at Entrepreneur

Bilang *young farmer at entrepreneur*, hindi hadlang kay Leo ang edad para sumubok sa pagsasaka. *"Kailangan pa natin ng young farmers o farm enthusiast na pumasok pa sa agrikultura kasi kailangan na kailangan natin ng food source. Sa mga kabataan na may balak magtayo ng sariling business, isama ang agrikultura sa business mo, dahil pagdating sa agrikultura hindi lang pagtatanim. May ibang side din gaya ng food processing,"* paglalahad ni Leo.

Para mas mahikayat ang mga kabataan sa larangan ng agrikultura, nagsasanay ang Localroots ng mga mag-aaral mula sa *senior high school* patungkol sa pagsasaka kung saan natutunan nila ang pagtatanim ng binhi, gumawa ng sariling *fertilizers*, mag-*harvest*, pagpapakain ng hayop at iba pa. Sa katunayan, dalawang (2) *batch* na ang nakatapos.

## Localroots, Model for Farms of the Future

Bilang LSA ng ATI CALABARZON, malaki ang naging *impact* nito sa pagpapaunlad ng Localroots kabilang ang pagsasagawa ng pagsasanay sa mga kabataan. *"Naa-apply ko ang natutunan ko sa Farm Business School (FBS), partikular ang pagtuturo ng farming at business side. Yung mga binbigay na training, ito ay nakakatulong na makapagbigay pa ng quality sa aking mga produkto,"* paliwanag ni Leo.

Nais ni Leo at ng Localroots na ang, *"farm ay maging model for farms of the future. Ang ibig sabihin dito ay maipakita pa sa ibang tao ang iba't iba pang teknolohiya o techniques. Gusto kong matutunan ang AI o Artificial Intellegence kung paano ito makakatulong sa pagsasaka."*

## Ang Pagsasaka bilang Bagong Karera

Hindi lingid sa kaalaman ni Leo na mahalagang tungkulin ang ginagampanan ng mga kabataang magsasaka. Sila ang nagsisilbing huwaran at bagong henerasyon sa pagpapayabong ng sektor ng agrikultura. Ang mga kabataang magsasaka ang pagmumulan ng makabagong impormasyon at teknolohiya patungo sa progresibong pagsasaka. *"Ang pagsasaka ang aking life long career. Bilang nandito ako sa propesyon na ito ay nakakatulong na ako na ipagpatuloy pa ang agrikultura dito sa ating bansa,"* wakas ni Leo.



# Training on Organic Plant Supplement Production, Isinagawa ng FITS Center Maragondon

*Edward Andrew A. Dionido, FITS Center Maragondon, Cavite*

Hindi pahuhuli sa pagtatapos ng taon ang mga pangangailangan ng sektor ng organikong pagsasaka na handang tugunan ng Office of the Municipal Agriculturist ng Maragondon, Cavite.



Noong ika-22 ng Disyembre, 2021 ay isinagawa ang pagsasanay sa paggawa ng *organic plant supplement* sa pakikipag-ugnayan ni G. Danilo Casama, may-ari ng Casama Farm na matatagpuan sa Brgy. Pinagsanhan A, sa Tanggapan ng Pambayang Agrikultor. Hangad ng nasabing *farm* na sumailalim ang kanilang lupa sa *conversion period* upang maging *organic farm* kaya't nakipag-ugnayan si G. Casama sa Tanggapan ng Pambayang Agrikultor ng Maragondon, sa pamumuno ni G. Regino Reyes, upang magpaturo at humingi ng gabay sa prosesong ito.



Sa paunang pagbisita sa Casama Farm, sa pangunguna ni Bb. Girlie Aure ng Department of Agriculture Regional Field Office IV-A at ni Bb. Catherine Joy Pasion ng Tanggapan ng Pambayang Agrikultor, natukoy ang mabagal na paglaki ng mga pananim sa *farm* dahil *vermicast* at binulok na dumi ng hayop ang kanilang gamit na pataba. Kaya naman, inirekomenda na magkaroon ng pagsasanay sa paggawa ng *organic plant supplement* para sa mga katiwala ng nasabing *farm* upang makatulong na maiangat ang kanilang produksyon. Nagsilbing tagapagtalakay si G. Renato Novelo ng Office of the Provincial Agriculturist upang ibahagi ang kanyang mga kaalaman sa nasabing paksa ng pagsasanay. Itinuro niya ang tamang paraan ng pagko-kompost, paggawa ng *Fermented Plant Juice (FPJ), Fermented Fruit Juice (FFJ), Fish Amino Acid (FAA), Calphos, Indigenous Microorganisms (IMO)* at *LABS.*

Patuloy ang pagsuporta ng Tanggapan ng Pambayang Agrikultor ng Maragondon sa pamamagitan ng kanilang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center sa Casama Farm. Ang mga gawaing ito ay ilan lamang sa mga hakbang upang maisakatuparan ang produksyon ng ligtas at masustansyang pagkain sa hapag. Isinusulong din sa mga magsasaka na "OK sa OA".

# 3 Kabataang Magsasaka sa CALABARZON, Kabilang sa Ipinadala sa Taiwan para sa FYFIP

*Roy Roger D. Victoria II, Media Production Specialist II*

TRECE MARTIRES CITY, Cavite – Tatlong (3) kabataang magsasaka mula sa CALABARZON ang kabilang sa tatlumpu (30) na ipinadala sa Taiwan upang magsanay sa ilalim ng Filipino Young Farmers Internship Program (FYFIP).




Ang mga kwalipikadong *interns* na bumuo sa unang *batch* para sa taong 2021 ay sina: Avi Mark Puntanar mula sa San Pablo City, Laguna, Keith Ryzon Ceñidoza mula sa Tanay at Jayson Hernandez mula sa Antipolo City, parehong mula sa probinsya ng Rizal.

Tumulak ang mga *intern* patungong Taiwan matapos makumpleto ang limang (5) buwan na pagsasanay sa iba't ibang larangan bilang paghahanda sa FYFIP. Dito ay gugugulin nila ang susunod na labing-isang (11) buwang *internship* sa kani-kanilang itinalagang "farm sites." Inaasahan na sa kanilang pagbabalik ay maibabahagi nila sa mga kapwa nila kabataan ang kanilang mga natutunan mula sa nasabing programa.

Ang FYFIP ay isa sa mga programang pinangunahan ng Taiwan Economic Cultural Office (TECO), Manila Economic Cultural Office (MECO) at Agricultural Training Institute, ang huli bilang punong-tagapamahala ng programa. Layunin nitong manghikayat at magbigay ng oportunidad na magsanay sa larangan ng agrikultura sa ibang bansa upang maging isang "globally competitive" na kabataang magsasaka.

Ang kanilang *internship* ay nagsimula noong Setyembre 2021 at magtatapos sa Hunyo 2022. Inaasahan naman na magpatuloy ang mga kabataang magsasaka para sa ikalawang pangkat ng FYFIP sa Taiwan sa taong 2022.

# ATI CALABARZON, Nagsagawa ng mga Aktibidad bilang Pagsuporta sa NRAM at OA Month

*Soledad E. Leal, Agriculturist II*

TRECE MARTIRES CITY, Cavite - Ang Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ay nakiisa sa pagdiriwang ng National Rice Awareness Month (NRAM), kaalinsabay ng National Organic Agriculture (OA) Month na idinaos noong Nobyembre 2021. Sa selebrasyong ito ay muling inihandog ng ATI CALABARZON ang iba't ibang patimpalak bilang pagsuporta sa adbokasiya:

1. **Tiktok challenge** - isang *dance contest* na nagpapakita ng iba't ibang gawain sa bukirin;
2. **Spoken Poetry** – isang palay-tulaan ukol sa pagpapalayan;
3. **Search for Empleyadong Riceponsibly Healthy para sa mga kawani ng ATI CALABARZON;**
4. **Webinar ukol sa Rice Coffee;**
5. **Search for Ekstensyonistang OA**, isang *online quiz bee* para sa mga Agricultural Extension Workers ng rehiyon;
6. **Webinar ukol sa Growing *Vanilla planifolia:* The Organic Way**

**Narito ang mga nagwagi sa Spoken Poetry:**

| | |
|---|---|
| **Champion:** | *Joshua Rubina – Magdalena, Laguna* |
| **1st runner-up:** | *Rojett Saraza – Cabuyao, Laguna* |
| **2nd runner-up:** | *Angel Raven Torres – Los Baños, Laguna* |
| **3rd runner-up:** | *Rydelle Vallejo – Sta. Cruz, Laguna* |
| **4th runner-up:** | *Marilou Muega – Liliw, Laguna* |




**Mga nagwagi sa Tiktok Dance Challenge:**

| | |
|---|---|
| **Champion:** | *4-H Club ng Los Baños, Laguna* |
| **1st runner-up:** | *Municipal Agriculture Office ng Kalayaan, Laguna* |
| **2nd runner-up:** | *Municipal Agriculture Office ng Siniloan, Laguna* |
| **3rd runner- up:** | *Municipal Agriculture Office ng Mauban, Quezon* |

**Narito naman ang mga nagwagi sa Search for Empleyadong Riceponsibly Healthy, cooking demo:**

| | |
|---|---|
| **Champion:** | *Black Rice bilo-bilo ni Darren Bayna* |
| **1st runner-up:** | *Paella Negra ni Mervin Vitangcol* |
| **2nd runner-up:** | *Healthy Lumpia with brown rice ni Julie Ann Tolentino* |
| **3rd runner-up:** | *Moringa-Kalabasa Rice Balls ni Lizbeth David* |

**Para sa Photography Contest:**

| | |
|---|---|
| **Champion:** | *Julie Ann Tolentino* |
| **1st runner-up:** | *Geelyn Mercado* |
| **2nd runner-up:** | *Soledad Leal* |

Upang maitampok ang galing at husay ng mga tekniko, isinagawa ng ATI CALABARZON ang Search for Ekstensyonistang OA 2021 na ginanap noong ika-18 ng Nobyembre, 2021 sa pamamagitan ng *Zoom application.* Tatlumpu't walong (38) mga teknikong pansakahan ang nagtagisan ng galing sa nasabing *online quiz bee.* Tinanghal na kampeon si G. Marc Jevin Barretto mula sa Tanggapan ng Panlalawigang Agrikultor ng Quezon.




Isinagawa naman ang dalawang (2) *webinar* noong ika-26 ng Nobyembre, 2021 sa pamamagitan ng Facebook Live. Itinampok sa *webinar* ang mga paksa na "Growing *Vanilla planifolia*: The Organic Way," kung saan naging tagapagtalakay si Bb. Ma. Carmela V. Toreja ng Vilela's Farm, isang certified Learning Site for Agriculture at "Now Brewing: Rice Coffee" kasama si Bb. Chona Bandola, bilang tagapagtalakay, mula sa Pagbilao, Quezon.

Nagpaabot ng pasasalamat ang ATI CALABARZON sa mga ahensyang tumulong upang maging matagumpay ang mga gawaing ito katulad ng Department of Agriculture – Regional Field Office IV-A at Philippine Rice Research Institute – Los Baños. Sa kabuuan, naging matagumpay ang pagdiriwang ng NRAM at OA Month.

# Young Agripreneurship Program

Sa ilalim ng Republic Act No. 10679 of 2014 o kilala rin bilang "Youth Entrepreneurship Act", ang kakayahan ng mga kabataang Filipino sa larangan ng pananalapi at pagne-negosyo ay kailangang mahasa sa pamamagitan ng edukasyon at mga pagsasanay. Kaugnay nito, patuloy na ipinapatupad ng Agricultural Training Institute (ATI) ang mga programa para linangin ang kaalaman at kasanayan ng mga kabataan patungkol sa *entrepreneurial, marketing* at *financial management* para manguna sa pagpapaunlad ng negosyong pang-agrikultural sa bansa.

Bilang tugon sa kawalan ng interes ng mga kabataan sa sektor ng agrikultura, isinagawa ng ATI CALABARZON ang *Young Agripreneurship Program*. Layunin nito na mahikayat ang mga kabataan na hubugin ang kanilang kapasidad bilang mga *young agripreneurs*. Ang *Young Agripreneurship Program* ay binubuo ng tatlong (3) antas: *beginners, intermediate* at *advanced*. Narito ang mga impormasyon at pagsasanay na isinagawa ng ATI CALABARZON sa ilalim ng tatlong (3) antas ng *Young Agripreneurship Program:*

## Beginners Level: Training on Farm Business for Youth

*Vira Elyssa L. Jamolin, Training Specialist III*



*"We are given opportunity through this training, gamitin natin ang opportunity and if we succeed makikita din ng ibang youth at magiging inspirasyon para magpatuloy,"* pagbabahagi ni G. Eugene Gonzales, isa sa mga kabataang magsasaka mula sa Baras, Rizal na kabilang sa nagtapos sa tatlong (3) pangkat ng "Training on Farm Business for Youth." Isinagawa ang apat (4) na araw na pagsasanay sa magkakaibang araw sa Cortijo de Palsabangon Farm Park, Pagbilao, Quezon at sa Don Leon Nature Farm Inc., San Juan, Batangas noong ika-25 hanggang ika-30 ng Oktubre, 2021. Ang pagsasanay ay isa sa mga bahagi ng *agripreneurship program* na hatid ng ATI CALABARZON sa mga kabataang magsasaka ng rehiyon.

Nagsilbing mga tagapagtalakay sina G. Brian A. Belen ng ABF Integrated Farm and Agribusiness Center, Inc. sa San Pablo City, Laguna at G. Dexter Iglesias ng Iglesias Farm sa Malvar, Batangas. Ibinahagi sa mga kalahok ang b*asic farm business profitability, farm record keeping, developing a business plan, background on marketing* at *personal entrepreneurial competencies.*

Sa pagtatapos ng pagsasanay, nagpaabot ng pagbati si ATI Director Dr. Rosana P. Mula. Samantala, nagbahagi naman ng mensahe ng inspirasyon si ATI CALABARZON Center Director Marites Piamonte-Cosico sa mga kalahok sa kanilang pagtatapos. Hinikayat niya sa mga nagsipagtapos sa pagsasanay na maisakatuparan ang mga nabuo nilang *proposal* upang maipagpatuloy ang henerasyon ng mga bagong magsasaka at *agripreneur* sa rehiyon.

Sa kabuuan, siyamnapung (90) kabataan mula sa lalawigan ng Cavite, Batangas, Rizal, Laguna at Quezon ang dumalo sa pagsasanay. Layunin ng pagsasanay na linangin ang kaalaman at kasanayan ng mga kalahok sa pagtatayo ng sariling negosyong pansakahan. Inaasahan na sa pamamagitan ng pagsasanay ay mapagpatuloy na makapaglikha ng mga bagong kabataang *agripreneur* sa CALABARZON.

Bilang bahagi ng pagsasanay, ang mga kalahok ay nagsumite ng mga *Business Proposal* para sa kanilang mga agri-negosyo. Labinlimang (15) *proposal* ang sumailalim sa *mentoring* ng tatlong (3) eksperto. Mula rito, tatlo (3) ang nagawaran ng *financial grant*: sina G. Lowell De Jesus *(Culturing Giant Freshwater Prawn (Macrobrachium rosenbergii) in an Outdoor Tank for Sustainable Livelihood)*, G. Dave G. Hachero *(Increasing the Local Supply of Oyster Mushrooms through Production and Processing)* at Bb. Gian Lou R. Suaze *(Sharing the Harvest: An Exclusive Farm & Neighborhood Food Delivery Partnership).*

## Intermediate Level: Training on Agro-Entrepreneurship

*Sherylou C. Alfaro, Senior Agriculturist*



Animnapung (60) kabataang *agripreneurs* ang sumailalim sa dalawang (2) pangkat ng pagsasanay na may titulong "Training on Agro-Entrepreneurship" noong ika-25 hanggang ika-29 ng Oktubre, 2021 (unang pangkat) at ika-2 hanggang ika-6 ng Nobyembre, 2021 (ikalawang pangkat) na isinagawa ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON. Layunin ng pagsasanay na mapag-ibayo ang kaalaman at kasanayan ng mga kalahok sa mga konsepto, prinsipyo, at mga gawain sa pagnenegosyo sa larangan ng agrikultura *(agro-entrepreneurship)*. Ang pagsasanay ay bahagi ng *Agripreneurship Program* ng ATI na ang pangunahing hangarin ay palakasin ang hanay ng mga kabataan bilang mga *agripreneurs* at katuwang sa pagpapaunlad ng agrikultura.

Ilan sa mga paksang tinutukan nina Bb. Kaye Ramos, Chief Operating Officer at may-ari ng Uma Verde Econature Farms, Inc., School for Practical Agriculture, at G. Bart Tengonciang, Presidente ng Farmshare Prime, Learning Site for Agriculture, sa limang (5) araw na pagsasanay ay ang mga sumusunod: *Introduction to Agro-Entrepreneurship; Engaging with Agro-Enterprise Industry; Stakeholders in the Agriculture Industry; Negotiation; Production Process Flow & Monitoring; Reviewing Process Production Plant; Financial Management; Farmer Clustering; Marketing*

*Strategies; Collective Marketing; Contract Growing; Mobilizing Farmers Participation in Capability Building Activities; Motivational Strategies;* at *Business Proposal Writing.*

Ang mga kalahok ay nagsagawa at nagsumite ng *Business Model Canvass* para sa kanilang mga agri-negosyo. Sumailalim din sa pagtatasa ang animnapung (60) kalahok sa National Certification II ng TESDA para sa *Agro-Entrepreneurship* noong ika-12 at ika-13 ng Nobyembre, 2021.

Ang tatlong (3) nagawaran ng *financial grant* para sa *intermediate level* ay sina: G. Jairo Rabano *(TalipaFarm's Hydroponic Lettuce Ice Cream)*, Bb. Nadia Kristina M. Ona *(Humble Harvest by Fork and Spade Farm)* at Bb. Anne Rose Amoguis *(Large Flower Organic Mushroom Farming Automation for Higher Profitability)*.

## Advanced Level: Enhancement Course on Strengthening Youth Agripreneurial Capabilities

*Abegail L. Del Rosario, Planning Officer II*



*"Panahon natin ito para itaguyod ang agrikultura sa ating rehiyon by being an agripreneur, kaya magtulungan tayo."* Ito ay bahagi ng impresyon na tinuran ni G. Francis Rod T. Domincel sa pagtatapos ng *"Enhancement Course on Strengthening Youth Agripreneurial Capabilities"* na isinagawa mula ika-2 hanggang ika-5 ng Nobyembre, 2021 sa Don Leon Nature Farm sa San Juan, Batangas.

Sa nakaraang panahon, malaki ang naging bahagi ng mga kabataan sa pagbuo ng ating kasaysayan. Anya ni Dr. Jose Rizal, *"kabataan ang pag-asa ng bayan."* Sa pangkasalukuyan, sa gitna pa rin ng pandemya na ating nararanasan, nangangailangan ang bansa ng pagkakaisa upang muling makabangon, at ang agrikultura ay itinuturing na isa sa mga kaagapay sa muling pagpapasigla ng ekonomiya sa ating bansa. Katulad ng tinuran ni G. Domincel, ngayon na ang panahon upang makiisa at magtulungan ang mga kabataan sa pagtataguyod ng agrikultura sa CALABARZON.

Hangarin ng ginawang pagsasanay na malinang ang kakayahan ng tatlumpung (30) kalahok sa pamamahala ng negosyong pangsakahan upang maging bahagi sa pagpapaunlad ng kanilang komunidad. Ilan sa mga paksa na tinalakay sa pagsasanay ay ang mga sumusunod: *Values Development and Entrepreneurial Outlook, Business and Value Chain Models, Business Financial Management and Taxation, Farm Operations Management, Contract Management, Business Plan Development, Business Ethics and Social Entrepreneurship* at *Product Innovation.*

Dinaluhan nina ATI Director Dr. Rosana P. Mula, ATI CALABARZON Center Director Marites Piamonte-Cosico at Assistant Center Director Dr. Rolando V. Maningas ang pagtatapos ng programa. Ang pagsasanay ay pinangunahan ng Planning, Monitoring and Evaluation Services Unit ng ATI CALABARZON.

Pagkatapos ng pagsasanay, ang mga kalahok ay nagsumite ng *agribusiness proposals* na sumailalim sa ebalwasyon ng isang komite na masusing pinili ang tatlong (3) *agribusiness ventures* na pinagkalooban ng *financial grant*. Ang mga nagwagi ay sina: Bb. Cherish del Rosario *(Wood Vinegar Production: An innovative way of turning farm waste to Foliar and Pesticide)*, Bb. Rheanell Angca *(Watermelon Rind Powder)* at Bb. Margaret Ann Crooc *(Postharvest Processing with Food Dehydration).*

Sa pagtatapos ng programa, binigyang-parangal ang siyam (9) na *young agripreneurs* para sa kanilang mga binuong *agribusiness proposals*. Bilang suporta ng ATI sa kanilang mga nilikhang *agribusiness ventures*, pinagkalooban ang mga pinarangalan ng *financial grant* upang agarang masimulan ang kanilang mga adhikaing agrikultural na inaasahang makakatulong at makakahikayat sa kapwa nila kabataan na mamulat sa pagsasaka at pagne-negosyo. Ang pagbibigay ng parangal ay ginanap sa ATI Central Office, Diliman, Quezon City noong ika-14 ng Disyembre, 2021.



**Department of Agriculture**
Agricultural Training Institute Region IV-A
8575 Camerino Street, Brgy. Lapidario
Trece Martires City, Cavite

(046) 419 0210
www.ati.da.gov.ph/ati-4a/
atirtc4a@gmail.com
@aticalabarzon
@aticalabarzon
ATICalabarzon
ATICalabarzon

# 2021 ACCOMPLISHMENTS

| | RICE | HVCDP | ORGANIC AGRICULTURE | CORN | LIVESTOCK | REGULAR | RCEF | OTHER EXTENSION ACTIVITIES | TOTAL |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| NO. OF PARTICIPANTS/ RECIPIENTS | 2,960 | 710 | 474 | 170 | 625 | 1,565 | 674 | 1,280 | 8,458 |
| EXTENSION ACTIVITIES | 24 | 25 | 19 | 9 | 32 | 53 | 13 | 46 | 221 |

**Siklab: Official Newsletter**
Agricultural Training Institute Region IV-A